

# 1

Gaya ng nakagawian, maagang nagising si Parker Miranda upang mag-empake at muling bumalik sa Sorsogon, ang probinsyang kanyang pinamumunuan bilang gobernador. Siya ang pinakabatang naging gobernador ng probinsyang iyon sa edad na trenta y cinco. Siya ang dating head ng *Public Attorney's Office* sa probinsya ng Sorsogon. Dahil sa kanyang husay sa pagtulong sa mga mahihirap sa usaping legal ay hindi siya nahirapang makalusot sa eleksyon.

Ito ang unang taon niya sa posisyon na iyon. Marami siyang balak na gawin para mapaunlad ang nasasakupan. Marami sa kanyang constituents ang namumuhay below poverty line. Kapos sa buhay. Walang permanenteng trabaho. Ang pagkakaroon ng industry o kabuhayan ang number one priority niya para sa mga kababayan.

Binuklat niya ang editorial at opinion page ng diyaryong hawak, ang *Philippine News Brigade*. Nagulat siya sa unang nabasa. Hindi niya inaasahan na makikita ang kanyang pangalan in bold red letters.

*Gov. Parker Miranda: A Real Pro-Poor Advocate Or A Puppet Of The Foreign Mining Companies?*

Iyon ang pamagat ng opinion column na nakita niya.

Ang column ay isinulat ni Sadie Moreno. Hindi niya kilala ang kolumnista. Malamang ay baguhan ito, hindi batikang journalist o news correspondent sa TV.

Mataman niyang binasa ang isinulat nito.

*Although Gov. Parker Miranda comes from a family of land owners, he has served the people of Sorsogon by heading the PAO office in the said province for five years.*

*He's won the hearts of the poor, voted governor during the last election. According to him, he wants to create jobs for his people.*

*Sorsogon generates its income through farming and small-scale mining industries. A group of geologists attests that the Southern part of the province is sitting on five hundred million metric tons of iron.*

*The once shy governor who you rarely see in Manila is now gallivanting around foreign and local mining companies. Isn't he being unethical, wandering from office to office, when this project clearly calls for a public bidding?*

*Also, a very reliable source says that the young governor is giving inside information to Aramcon Mining Corporation for a hundred million pesos commission.*

*What about his promise to create jobs for the people? Aramcon is known to bring its own workers to the site...*

Hindi na tinapos ni Parker ang pagbabasa ng artikulo. Nagngangalit na kinuyumos niya ang diyaryong hawak. This lady was misguided.

Mabilis niyang nilagok ang kapeng nasa harap. Inabot niya ang cell phone upang tawagan si Bart, ang kanyang personal assistant. Sinagot iyon nig lalaki na halatang kagigising lang. Paos pa ang boses nito.

“Good morning, Gov,” bati nito.

“Can you please find out everything about a columnist named Sadie Moreno?” utos ni Parker. Sa nararamdamang galit ay hindi na niya ito nabati. “Google her and call me back. Huwag ka munang mag-empake. Hindi pa tayo babalik sa probinsya,” pagtatapos niya.

Tumayo siya mula sa lamesa. Nawalan na siya ng ganang kainin ang croissant na nasa harap niya.

*This lady needs to be taught a lesson,* naisaloob niya bago tuluyang nilisan ang café na iyon sa tinutuluyang hotel.

---

Hindi inaasahan ni Sadie na dadaan ang kanyang ama sa condo unit niya. Seryoso ang mukha nito. Malamang ay mahalaga ang pakay nito dahil kung hindi ay tatawag ito at hindi na mag-aabalang dumaan pa sa bahay niya.

“Dad, ang aga mo yata,” sabi niya at humalik sa pisngi nito. Pinatuloy niya ito sa loob.

As usual, nakauniporme ang ama. Papasok na rin ito sa opisina nito sa *Camp Crame*. Major General ang kanyang ama sa *Philippine Army*.

“Good morning,” seryosong bati nito.

“Ano’ng atin?” tanong niya. Iniabot niya rito ang kapeng tinimpla na para sana sa sarili. Papunta na rin siya sa opisina ng diyaryong pinagsusulatan.

“Anak, nag-aalala lang ako sa ’yo. Aba, panay ang atake mo sa mga politiko. Kababasa ko lang ng column mo kanina tungkol kay Governor Miranda. Baka makasuhan ka ng libel or worse, baka mapahamak ka,” walang ligoy na saad nito.

Natawa na lang si Sadie. Matapang ang daddy niya. Hindi ito makakarating sa rango nito kung duwag ito. Nagpanggap itong rebelde noong kabataan nito upang matagpuan ang kuta ng mga *NPA* sa Quezon Province. Sumabak din ito sa bakbakan sa Mindanao kalaban ang mga *Moro* fighters.

Ngunit bakit pagdating sa kanya ay mukhang takot na takot ito? She was capable of protecting herself. Ano pa at pinag-aral siya nito ng self-defense kung hindi rin naman ito magiging kumpiyansa sa kakayahan niyang protektahan ang sarili?

“Don’t worry, Dad. I’ll be safe,” pag-alo niya sa damdamin ng ama.

“Well, napag-usapan namin ng mommy mo, baka kailangan mo na ng bodyguard,” suhestiyon nito.

Tinitigan niya ang ama. “Dad, really!” sarkastiko niyang sabi.

Makailang beses na nilang pinagtalunan ang bagay na iyon. Hindi siya sang-ayon na magkaroon ng bodyguard. Ayaw niyang may nakabantay sa kanya. Nang may nagmamatyag sa kanya 24/7.

“I love my privacy too much, Dad. My answer is no,” sagot niya.

Nagkibit-balikat lang ito. “Well, I can hire a female bodyguard. Magpapanggap na kaibigan mo. And she does not have to be with you 24/7. Kapag may mga lakad ka lang. Kung nasa bahay ka, you are on your own. Walang magmamatyag sa ‘yo,” pangungumbinsi nito.

She chuckled. “I won’t change my mind.”

Siguro dahil nag-iisa siyang babae kaya ganoon na lang ang pag-aalala nito.

“Then I suggest you get a boyfriend,” mabilis nitong susog.

Hindi niya pinansin ang sinabi nito. Kinuha niya ang bag na nakapatong sa sofa. Gusto niyang iparamdam sa ama na aalis na siya at papasok na sa opisina. Tumingin pa siya sa relas. Pang-best actress ang drama niya.

“Don’t pretend you did not hear me, Sadie,” sabi ng ama. “Aba, matagal na naming hinihintay ng mommy mo na magpakilala ka ng nobyo sa amin. At least, kung may boyfriend ka, may magbabantay at magpoprotekta sa ‘yo.”

Isang matamis na ngiti ang ibinigay niya rito. “I’m looking, Daddy. Hindi ko pa siya makita. Nagtatago yata. Natatakot kasi you’re a man in uniform. Nai-

intimidate sa magiging biyenan,” pagbibiro niya.

“Ikaw lang ang mapili, Anak. Hindi ba’t nirereto namin sa ’yo si Manuel? Inaanak ko ’yun sa binyag. Captain na iyon sa *Philippine Air Force*, mabait na bata, disente, magalang—”

“At boring,” pagtutuloy niya. “Dad, si Manuel ay kinakapatid ko, barkada ni Kuya. He is like a brother to me,” paliwanag niya.

The thought of her and Manuel kissing was enough to give her goosebumps. Platonic love lang ang nararamdaman niya para rito.

Kinuha ni Sadie ang susi ng kotse sa key holder na nakasabit sa gilid ng counter table niya sa kitchen. Her father was ignoring her subtle hints that she wanted to end their conversation.

“Major General Ronald Moreno, I think that you and I should go to work. See you on Sunday.” Hinalikan niya sa pisngi ang ama at kinuha mula sa kamay nito ang coffee mug na hawak.

Iiling-iling na lang na sumunod sa kanya ang matanda. Bago sila naghiwalay sa parking lot ay muli pa itong nagpayo sa kanya.

“Sadie, Hija, magsulat ka na lang ng tungkol sa

ibang topic. Environment, food, sports, fashion—huwag na ang mga corrupt practices ng mga politicians. Worried lang kami ng mommy mo,” sabi pa nito.

“I’m okay, Dad. Stop worrying,” huling sabi niya bago pinaharurot ang kotse.

---

Ipinatawag siya ng Editor in Chief ng *Philippine News Brigade*, si Eric Morales. Kaibigan at dati niyang kaklase sa *University of the Philippines* ang lalaki. Pareho silang Journalism ang natapos. Pag-aari ng pamilya Morales ang pahayagan.

“Good morning,” bati niya sa editor.

“Good morning. How’s my favorite writer?” bati rin nito.

“Well, I had an unexpected visitor this morning,” sabi niya.

Napaisip ito. “Let me guess, your dad?”

Natawa siya. “Did he call you again?” tanong niya kaagad.

Kilala ito ng tatay niya. Madalas kasi noong tumambay sa bahay nila si Eric. Kalaro nito ang Kuya



Miguel niya sa basketball at billiards.

“Yup. May request ang daddy mo. Ilipat daw kita sa Sports, Entertainment or Lifestyle Section. How about writing fashion articles for a change?” natatawa nitong tanong.

Nahawa siya sa pagtawa nito. He knew her well. Wala siyang hilig sa fashion. Napakasimple lang niya. She would not even wear makeup.

“You know my answer, Eric. Don’t worry about Dad. You know where my heart is, I want to dish out what these bastards deserve. Baka sakaling matakot or matauhan man lang sa mga katarantaduhang ginagawa nila,” aniya. She was referring to bad politicians.

Natuwa naman ito sa sinabi niya. “That’s my girl. Kaya nga ba nauungusan natin ang ibang pahayagan kahit pa bago lang tayo. Wala tayong kinatatakutan. Hindi nadadala sa payroll, payola or intimidation. Marami na rin tayong na-expose na mga anomalya. Television channels are buying our exclusive reports,” proud nitong saad.

“All is good then. Nothing to worry, my dear friend. Don’t mind the general.”

## 2

Tumunog ang door bell niya. Wari’y gigil na gigil pumasok ang kung sinumang nasa labas niyon. Pupungas-pungas na bumangon si Sadie para buksan ang pinto. Nakatulugan niya ang pagbabasa.

Hindi na niya naisip pang silipin kung sino ang nasa labas. Dahil aantok-antok pa ay mabilis niyang binuksan ang pinto. Napamulagat siya nang makitang si Governor Parker Miranda ang nasa labas ng pinto at halata ang galit sa mga mata nito. She knew the man from his newspaper photos and television appearances.

Pilit niyang itinulak pasara ang pinto ngunit naiharang na nito ang katawan sa hamba. Mas malakas ito sa kanya. Hindi na niya napigil ang lalaki na makapasok sa bahay niya. Wala itong imik, bagkus ay hinagod siya ng tingin mula ulo hanggang paa. Nahigit ni Sadie ang roba na bahagyang nakabuka.

“So you are the lady with a sharp tongue and... a body to die for.” Mahalay siya nitong hinagod ng tingin bago niya tuluyang nailapat nang maayos ang robe.

Sadie did not expect those words from Parker. Kilala ito sa pagiging maginoo. Did she push him to be rude to her because of her article that was printed earlier?

Namula ang mga pisngi niya. Ano ba ang sadya nito sa kanya? Politicians sent their henchmen. They didn't want blood on their hands. Ngunit kakaiba itong si Parker. Ito ang kusang sumusugod. Hindi takot masabit.

Sa walong taon niyang pagsusulat ay ngayon lang may sumugod sa bahay niya. Tama nga kaya ang daddy niya na mag-alala? Had he been seeing premonitions that someone would kill her because of her job?

“Are you going to kill me?” tanong niya kaagad sa kaharap na lalaki.

Tiningnan niya si Parker. He was too handsome to be a killer. Napakaguwapo nito sa suot nitong jeans at polo shirt. Mukha namang hindi siya nito sasaktan. Halata nga lang sa hitsura nito na nakainom.

He was so good-looking up close and personal. He had a moustache na nakapagpa-mature rito. Matangos ang ilong at mapungay ang mga mata. She knew he was angry. She could tell from the grinding

of his teeth and from his dark and threatening looks.

“No. I’m not going to kill you. I just want to teach you a lesson,” sabi nito.

Mabilis itong nagtungo sa living room niya. Umupo sa pang-isahang sofa. Naguguluhan siya sa inaakto ng gobernador.

“What lesson?” tanong niya. Baka naman hindi siya nito papatayin, baka lulumpuhin lang siya or worse, tanggalan ng ayon dito ay matalas na dila. Lihim siyang natawa. Napaka-gross naman ng naiisip niya. Alam niyang wala itong dalang deadly weapon. Hindi ito nakasuot ng jacket kapareho ng mga goons sa pelikula. Kaya sigurado siyang wala itong nakatagong patalim o baril.

Malas na lang niya kung makuha nito ang collection of kitchen knives niya para saktan siya.

“Responsible journalism,” maikling sagot nito. “I’m a diplomatic person, Miss Moreno. It’s either you retract your words or I will sue you,” banta nito.

Umupo si Sadie paharap kay Parker. Alam niyang maiksi ang robe na suot niya kung kaya’t pinatungan niya ang mga hita ng throw pillow.

“I am not retracting anything,” matapang niyang

sagot. Nakipagtitigan siya rito. She would not be intimidated by his dark stares. “If someone should be sued, it’s you. You are trespassing on my property,” sabi pa niya.

He chuckled. “I am not trespassing. Maniniwala ang mga reporters kapag sinabi kong we mutually agreed to have this personal interview at your home,” depensa nito.

“Hardly. It’s past twelve in the morning. Who’d care to do interviews at this hour?”

“You. I’m a busy man. Sa ganitong oras lang ako puwedeng ma-interview.”

“No one will believe you,” sagot ni Sadie. She was still in shock. Hindi niya inaasahan na susugurin siya nito. At paano nito nalaman ang bahay niya? Did he ask his men to follow her?

“Can I have a drink?” tanong nito. Inabot nito ang brandy glass na kalahati ang laman.

Kanina lamang ay iniinom niya iyon. Ngunit tinamaan kaagad siya dahil pagod at bahagyang gutom siya nang magsimulang uminom.

Umiinom siya nang kaunti bago humarap sa laptop upang magsulat. She needed alcohol to soothe

and calm her nerves. Wala nga lang siyang maisulat kanina kaya minabuti na lang niyang magbasa.

“You should go. Nasagot ko na ang ipinunta mo. My answer is no. Wala akong babawiin, isusulat ko kung ano ang nakalap kong katotohanan. You can sue me if you want,” matapang niyang sabi.

“No, hindi pa ako tapos sa ’yo. You are writing irresponsibly. You’re obviously a lonely woman, you hate the world, and you criticize everything. You just crave attention.”

Naningkit ang mga mata niya sa narinig. “I beg your pardon?”

“You heard me right. I *Googled* you, Miss Sadie Moreno,” matigas nitong sabi. “You were dumped by your fiancé because he chose his political ambition over you.”

Napasinghap siya. How could this man know about that? Sigurado siyang hindi sa *Google* nito nalaman iyon. Ilang tao lang ang nakakaalam ng tungkol sa love life niya. No one dared remind her about Luis, her ex-fiancé who left her five years ago.

“At ngayon, galit ka sa lahat ng mga politiko. You think all politicians are evil. But you are wrong this time. I am not cut out from the same cloth.”

“Get out!” pagtataboy niya. Tumayo siya at binuksan ang pinto. “Get lost or I will call security,” singhal niya.

Tumayo naman si Parker, pero hindi upang umalis. Bagkus ay isinara pa nito ang pinto.

“Don’t think that you can dismiss me easily, Miss Moreno.” He smiled devilishly.

Bahagyang kinilabutan si Sadie sa ngiting iyon ni Parker. Naalala niyang nakainom ito.

“I will sue you for libel, and ask ten million pesos for damages if you do not retract what you have said. Hindi ako corrupt na public official at lalong wala akong intensyon na mangumisyon ng one hundred million mula sa *Aramcon Company*,” banta nito.

“Bingi ka ba? I will not retract anything!” asik niya.

“You will lose the case. Your credibility will be gone. Baka kahit food writer ay walang tumanggap sa ’yo. I’ll make sure the lawsuit will ruin your career. Remember, I used to be a lawyer, a damn good one. I can win even the most impossible cases,” dagdag pa nito.

“Ang yabang mo. Are you saying you can pull

strings to win your case against me?” tanong niya.

Umiling ito. “I am not corrupt. I can do that if I want to, but I believe in fair play. I don’t care for personal vendettas. Unlike you,” sabi nito. “Just because your politican fiancé jilted you...” He trailed off.

Gustung-gusto nang sampalin ni Sadie si Parker ngunit pinigilan niya ang sarili. “I was not jilted! Sino ang nagsabi sa ’yo niyan?” gigil na tanong niya.

Ngingiti-ngiti lang ito. “One day, nalasing si Congressman Luis Manalo sa isang conference na dinaluhan namin. He boasted about a girl he dumped a week before their wedding. S’abi niya, masisira ang political ambition niya kapag nagpatali siya. He said he realized marriage was not his thing,” kuwento ni Parker.

Natulala si Sadie sa narinig. Ang impaktong si Luis ay ipinamamalita pala siya. But that was five years ago. She had already moved on. At isa iyon sa mga bagay na hindi na dapat pang ikinukuwento sa iba. But unfortunately, Luis apparently had a big mouth. Nakakadagdag yata sa pagkalalaki nito ang pagyayabang.

“In fairness to Congressman Manalo, he did not



mention names. Nabasa ko lang sa isang lumang news article sa *Internet* that he once dated you. I put two and two together and found that it was you.”

Galit na pinandilatan ni Sadie si Parker. “I am not that girl. Hindi lang ako ang naging girlfriend ni Luis,” depensa niya sa sarili.

They were still standing near the door. Nakahawak si Sadie sa seradura samantalang nakahawak naman si Parker sa mismong pinto upang pigilin ang pagbukas niyon.

“Well, I’m convinced it *is* you. S’abi pa ni Luis, that girl was a total bore, that he could not believe he even proposed to her. He said the girl was an ice princess, that he could not even get her to bed without having to marry her first,” dagdag pa ni Parker.

Gustong yumuko ni Sadie. It was her and her rule. Marriage first before sex. Ngunit nakipagtitigan siya kay Parker.

Nagpatuloy ito. “And you have not dated anyone after that. Was Luis right? Are you an ice princess?”

“Those are irrelevant. Please umalis ka na. Sue me if you want but you can never change my mind,” aniya.

Their conversation was going nowhere. Wala siya sa mood para makipagkuwentuhan dito tungkol sa nakaraan niya.

Ngunit tila wala itong balak umalis. Nagulat pa siyang nang hawakan nito ang baba niya upang salubungin ang kanyang mga mata.

“This is relevant. You hate us politicians. You only want to see the bad side and ignore the good things that we do. Wala man lang akong nabasang pagkilala or commendation galing sa ’yo tungkol sa mabubuting nagagawa ng ibang politiko.”

“Mas marami ang gumagawa ng masama kaysa sa mabuti,” pakli niya. “They need to be taught a lesson.”

“No. You’re the one who should be taught a lesson,” giit nito. Unti-unti nang lumalapit ang mukha nito sa mukha niya. His hand was still holding her chin.

“W-what do you want? Get your hands off me!” singhal niya. Biglang siyang natakot. “Let me go!”

“First, I want to see if I can break the ice. Baka pag wala nang yelong bumabalot sa katawan mo ay mababawasan ang galit mo sa mga tulad namin,” sabi nito bago tuluyang sinakop ang bibig niya.

She could smell the brandy that he drank earlier, along with the subtle hint of cigarette and mint. Marahang ibinuka ng bibig nito ang mga labi niya. Nakapagtataakang mabilis niyang ibinuka ang mga labi upang malayang makapasok ang dila nito. She didn't expect her mouth to react like that. Then his tongue dueled against hers. Sinisimsim din nito ang pang-ibabang labi niya.

God, she had not been kissed for five years!

Tama nga kaya ito nang sabihing she had been writing unfairly against politicians because of her experience with Luis?

Naramdaman niyang gumapang ang kamay ni Parker patungo sa loob ng suot niyang robe. Mainit na palad ang dumapo sa puno ng dibdib niya. This was crazy. She should not be kissing this stranger.

Kahit nalulunod na siya sa sensasyong bumabalot sa kanya mula sa pakikipaghalikang iyon ay marahan niyang itinulak ang lalaki palayo sa kanya.

“What are y-you doing?” naguguluhang tanong niya. She was still catching her breath from his intense kiss.

Maging si Parker ay naghahabol din ng hininga. She could see the desire in his eyes. Lalo pa at

nabuksan na nang tuluyan ang roba na suot niya.

At see-through negligee at undies lamang ang nasa ilalim niyon.

“I came here to put some sense into your brain. But you made me change my mind. You had me intrigued. All I want to do now is to make love to you, my ice princess,” sabi nito bago muling sinakop ang mga labi niya.

# 3

Hindi maintindihan ni Sadie kung bakit tumutugon siya sa mga halik at haplos ni Parker. She didn't even know the man! Not really. Bakit siya pumapayag na halikan siya nito?

Was she a sex-starved soul? She'd gone crazy. Ngunit sa halos kalahating dekada na wala siyang boyfriend, tama lang ba na ma-miss niya ang mahalikan? Did she really miss this kind of intimacy? Malamang. Kung pagbabasehan ang paraan ng pagtugon niya sa mga walang pakundangang paghalik at paghaplos nito.

Napasinghap siya nang maramdaman ang palad nito na humahaplos sa pang-upo niya. He palmed her buttocks and lifted her up to meet his hardened manhood.

“Where's your room?” tanong nito.

Kaagad naman niyang tinuro kung saang parte ng unit ang kuwarto niya. Mabilis siyang binuhat nito upang magtungo sa pribadong silid.

---

Parker was consumed with desire. Personal niyang pinuntahan si Sadie Moreno upang makipag-usap nang masinsinan dito at ipaliwanag ang side niya.

Ngunit hindi niya inaasahang ang bubungad sa kanya ay isang kaakit-akit na babae. In her newspaper photo, she was wearing thick eyeglasses. Nakapuyod at tila ba mabagsik na school teacher ang hitsura nito.

He was surprised to see a beautiful woman in a sexy white robe, her hair disheveled. Napansin niya kaagad ang maamong mukha nito at ang mapungay na mga mata na halatang nagising sa pagdo-doorbell niya.

Aatras na sana siya ngunit nanaig ang galit na nararamdaman niya. This lady had ruined his reputation by writing maliciously about him. Hindi siya nito kilala para husgahan. She did not even interview him to get his side of the story.

Ganoon na ba ngayon ang mga kolumnista? They could not simply write everything they wanted.

Gabi na nang sa wakas ay makuha niya mula kay Bart ang address ni Sadie kaya ngayon lang siya nakapunta sa bahay ng dalaga. Bukas ay pabalik na siyang muli sa probinsya, may mga meetings na

naka-schedule na dadaluhan niya.

He had no time to confront Sadie Moreno. At hindi rin niya mawari kung bakit ang pagtatalo nila ay nauwi sa ganito.

Now, he laid her down on her bed. Mabilis niyang hinawi ang mga librong nakapatong sa kama. “You sleep with your books?”

“Yes, I do,” sagot nito.

Natawa siya. “You should sleep with a man.”

Hindi na muling sumagot si Sadie. She concentrated on returning his kisses. He kissed her earlobes. Parker slipped his hand inside her negligee and touched her nipples. Napaliyad ito sa ginawa niyang iyon. Mabilis niyang hinubad ang suot nito until she was in her birthday suit.

He kissed every inch of her body, not missing a bit. He could feel her mixed feelings of shyness and passion.

She could be a virgin based on her body language.

“Are you sure you want me to do this?” paniniguro niya.

She nodded, biting her lower lip. Actually, he

doubted if she could say no. He asked her while simultaneously kissing and sucking her nipples.

---

Kahit gustong umatras ay lunod na si Sadie sa sensasyon. Parker's fingers were slowly massaging her feminine folds. Siya lamang dati ang nakakahawak niyon. And she hadn't felt the same sensation he was giving her.

Panandalian itong umalis sa pagkakadagan sa kanya. He got rid of his shirt and his pants. He was now naked before her eyes and he was... huge.

Parker slid a finger inside her. Napaliyad siya sa ginawang iyon nito. It was dirty but damn... it felt so good. Indescribable.

"You're very wet. I think you're ready for me," anas nito. He nudged his erection against her wetness.

She just nodded. He opened her legs and continued rubbing his manhood at her entrance.

"Just relax and enjoy the ride," utos nito.

A moan escaped her throat. Sadie could not describe the feeling that she was experiencing at the time. She drew her strength from Parker's back muscles. It was a combination of pain and pleasure.



Pero mas nangingibabaw ang pleasure sa mga sandaling iyon.

“Am I hurting you?” nag-aalalang tanong nito when he was halfway inside her.

Ipinilig ni Sadie ang ulo. Parker smiled and sensually kissed her on the lips and continued with his journey.

---

Wala silang imikan matapos ang maiinit na sandaling namagitan sa kanila. Sadie could not believe what she had done. She had just surrendered herself to a man. Iningatan niya ang sarili nang tatlumpong taon. At para lamang makuha ng lalaking ito.

But could she blame him?

Tinanong siya nito kung sigurado siya. Hindi ba mabilis pa sa alas kuwatro siyang tumango bilang pagpayag?

Ito ba ang ganti ng lalaking ito sa artikulong isinulat niya? To win the war, you should know your opponent. He discovered that she was a love slash sex-starved creature. Limang taon nang walang boyfriend. Bonus pa na narinig nito kay Luis that she was an ice princess.

Kaya hayun, he attacked her with a different tactic. Bang the girl and leave her in the lurch. Hindi siya sanay sa one-night stand na katulad nito. Heck, this was the first time she did this!

Baka mabuwang siya sa guilt feelings at sa kaiisip kung bakit siya pumayag. Worst, baka umasa siyang may mabubuon relationship sa pagitan nila, dahil sa ibinigay niya rito ang sarili. Ngunit magkikibit-balikat lang ito at sasabihing, ‘Asa ka pa, for me it was just casual sex.’

“Just for the record, Miss Moreno, when I ‘gallivant’ around mining companies, it is to give them an invitation to bid. May permiso ako mula sa board members ng Sorsogon para personal na makipag-meeting sa mga companies na ito.

“Ini-inform ko lang rin sila na bukas ang probinsya para sa large-scale mining kapalit ng pag-e-employ nila ng mga Sorsoganon. Kailangan ng trabaho ng mga tao sa lugar ko. We can’t always have these companies bring with them their own men. I also reminded them that they should not neglect the environmental issues in the pursuit of this project, sakaling mapunta ito sa kanila.”

Mataman lang na nakikinig si Sadie sa sinasabi ni Parker. She could not digest what he was saying.

For goodness' sake, she had just been through a very intense and fast love making.

Magsasalita pa sana ulit ang lalaki nang tumunog ang mobile phone nito. Mabilis itong tumayo upang kuhanin ang phone sa bulsa ng pantalon na gayak isusuot na. Napasinghap si Sadie. He was still erect.

“Hello, Sweetheart,” sagot nito sa nasa kabilang linya. “Yes, uuwi ako tomorrow. I’ll see you dinner time, at your place.

“Mukha ba akong walang tulog? Yes. Napagod nga ako. I’ve just finished my paperworks. Sakit nga ng batok ko. I will be needing your massage tomorrow. Okay. Good night. ’Love you, too. ’Bye,” sunod-sunod na sabi nito sa kausap.

Parang gustong ibato ni Sadie ang lampshade kay Parker. Sabihin ba namang ‘paperwork’ siya. Parang balewala rito ang nangyari samantalang siya ay hindi pa nakaka-recover sa ginawang katangahan.

She was right. Men in power were assholes. Just like this man.

Humalik ito sa kanyang bibig bago nagpaalam. “I have to go. Thanks for the wonderful night,” sabi pa nito.

Nang tuluyan na itong makaalis ay doon na dahan-dahang pumatak ang luha ni Sadie. How stupid could she get? Iniyakan niya ang pagkaestupida niya. He had won without having to file a libel case.

---

Iiling-iling na pinanood ni Maj. Gen. Moreno ang kuha ng CCTV sa bahay ni Sadie. Dahil worried siya sa trabaho ng anak ay pinalagyan niya ang bahay nito ng hidden cameras. Ang labas ng pinto nito, ang kusina, pati na ang living room.

Nakita niyang dis-oras ng gabi ay dumating si Gov. Miranda sa bahay ng anak. Napanood din niyang tila ba nagtatalo ang mga ito. Pero mayamaya lang ay nakita niya ang mga itong naghahalikan.

Alam niyang hindi ito kilala nang personal ng anak niya. Hindi ito kasintahan ni Sadie. Nakita rin niyang galit si Governor nang unang dumating sa bahay ng anak.

Ano ang nangyari at tila nabaliktad ang pangyayari? Pinilit ba nito si Sadie? Tinakot? Sinabihang papatayin kapag hindi ito pumayag?

Ngunit tila nasa hitsura ni Sadie na gusto nito ang ginagawang paghalik at paghaplos ng lalaking iyon.

Kinabahan siya nang makitang nagtungo sa bedroom ang dalawa. Inorasan niya ang paglagi ng lalaki sa loob ng silid ng anak. Halos apatnapung minuto itong naroon. Ano ang ginawa ng mga ito?

Imposible namang nagdasal.

*Ano ka ba naman, Ronald? tanong niya sa sarili. Ano ba ang ginagawa ng dalawang taong naghahalikan at pumasok sa isang silid? Hindi ba para ipagpatuloy ang ginagawa?*

At bakit mag-isa lang na lumabas si Governor at hindi man lang inihatid ng anak niya? Hindi kaya sinamantala nito ang pagkakataon, inakit si Sadie at ang magaling na babae naman ay bumigay kaagad?

May kailangang managot dito. Bilang ama ay hindi siya papayag na madehado ang anak ng kahit na sinong lalaki.

Mabilis niyang inabot ang telepono at idinayal ang numero ng taong alam niyang makakatulong sa kanya.

---

Hindi makapag-concentrate si Sadie. Inis pa rin siya sa sarili. Feeling niya ay talunan siya. She'd just realized that Parker was a very ruthless man. And a

very shrewd one.

Alam nito ang kawalan niya ng karanasan sa lalaki. Luis had been her only boyfriend. She got engaged to the guy after two years of being together. Pero gaya ng sinabi ni Parker, Luis chickened out a week before their wedding.

Nagalit ang daddy niya sa ginawa nito, ngunit wala silang nagawa. They had to return the gifts, cancel the reservations. Ten months siyang halos nasa solitary confinement sa probinsya nila sa Quezon.

Nang maka-recover sa heartache ay ipinokus niyang muli ang isip sa trabaho. She was a good writer. She then started writing about politicians, most especially about Luis.

Parker seduced her. Nakuha nito ang pinakaiingatan niya. Now she felt so humiliated. Pakiramdam niya ang baba niya. How could she surrender to him like that? Maliwanag na balewala kay Parker ang nangyari sa kanila. Gayon na lang siguro ang tuwa nito na naisahan siya nito.

*Come on, Sadie, it's the twenty-first century. What you had was good old-fashioned sex. Eh, ano ngayon kung nakuha ka niya? You should have enjoyed sex a*

*long time ago. Now that you've finally experienced it, don't deprive yourself of the wonderful activity, bulong ng isip niya.*

Napabuntong-hininga na lamang siya. Iiwasan na lamang niya si Parker.

*I'd never write anything about him again. Kahit pa makumpirma ko na totoong corrupt siya. Bahala na siya sa buhay niya.*

---

Maagang nag-report si Bart sa opisina niya. May dala itong diyaryo.

“Sir, tingin ko kayo itong naka-blind item dito,” sabi nito, sabay abot ng pahayagan. Nagpaalam ito saglit pagkabisyon.

Mabilis na binasa ni Parker ang nakasulat. Ibang pahayagan iyon. *Ang Malayang Pagbabalita* ang pangalan ng diyaryo.

*“Sino itong gobernador na pumunta sa bahay ng isang journalist upang komprontahin ito sa mga isinulat laban sa kanya? Malakas ang loob ng gobernador na itong sumugod sa bahay ng dalagang journalist na iyon dahil hindi niya pakay na saktan o takutin ito ngunit ang gantihan ito sa pamamagitan ng pananamantala*

*sa kahinaan nito bilang babae.*

*He obviously used his charms and seduced the journalist. Alam kaya ng nobya ng gobernador na ito ang ginagawa ng nobyo sa likod nito?*

*Sino ang gobernador na ito? Siya lang naman ang unang pinakabatang naging gobernador sa probinsya nila. Siya ay dating miyembro ng PAO bago pumasok sa politika...”*

Galit na naihagis ni Parker ang diyaryo. Damn that woman. Ayaw siyang tantanan. Ano ang gusto nito? Alam niyang ito ang promotor ng blind item na iyon.

*Couldn't she get enough of me? Paano kapag nalaman ni Michelle ang tungkol sa blind item na iyon? Tiyak na magwawala ang nobya niya sa galit. He needed to sort this problem out. He needed to talk to that woman.*